REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

**KAPASIYAHAN BILANG 92-14**

**KAPASIYAHAN NA NAGREREBISA SA APPENDIX B NG KAUTUSANG BAYAN SA PAGSOSONA NA BILANG 91-39 NA NAGDEDEKLARA SA MGA LUGAR NA ALABANG STOCK FARM (ASF) AT NEW BILIBID PRISONS (NBP) NA "PLANNED UNIT DEVELOPMENT (PUD)".**

*******************************************************************

**Ipinanukala nina : KON. NOLASCO L. DIAZ AT**
**KON. ROGER C. SMITH**

*******************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagpapatupad ng batas sa pagsosona ay binabatay sa dalawang (2) bagay at ito ay ang una, ang nakalahad sa "zoning map" at ang pangalawa, ay ang tinutukoy sa "zoning boundaries" na nakaloob sa tinatawag na "Appendix B" ng kautusan sa pagsosona;

**SAPAGKAT,** ang Appendix B ng Kautusang Bayan Bilang 91-39 na nagsasaad ng mga bagong zoning boundaries sa bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila ay hindi nagsasaad ng mga tiyak na hangganan ng mga lupaing nasasakupan ng Alabang Stock Farm (ASF) at New Bilibid Prisons (NBP) na hinati-hati sa iba't-ibang gamit katulad ng pang-residential, pang-commercial, pang-industrial at iba pa;

**SAPAGKAT,** sa loob ng Alabang Stock Farm at New Bilibid Prisons ay halos wala pang mga kalye o ano mang mga palatandaan na maaaring maging batayan ng kinakailangang hangganan;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ay buong pagkakaisang pinagpasiyahan ng Sangguniang Bayan na irebisa ang Appendix B ng Kautusang Bayan Bilang 91-39 at ideklara ang nasasakupan ng Alabang Stock Farm (ASF) at New Bilibid Prisons (NBP) na mga Planned Unit Development (PUD) na karaniwang tinataguri sa mga malalaking lugar na idedevelop pa lamang na kung saan ang pamunuan ng isang bayan o lungsod ay may mga natatanging balak na gawin sa naturang mga lupain at pinagpasiyahan pa rin na ilakip ang mga plano para sa Alabang Stock Farm at New Bilibid Prisons na naaayon sa tinatawag na "Integrated Development Plan" ng bayan ng Muntinlupa sa irerebisang Appendix B.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**PINAGPASIYAHAN** ngayong ika-14 ng Setyembre, 1992 sa pang 10th pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa na ginanap sa Silid Pulungan ng People's Center.

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**

**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
**Konsehal**

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Konsehal**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay**

**PINATUTUNAYAN :**

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**

**PBS/cpa**